**Manwal Para Sa Paghahanda Sa Sakuna (Worksheet ①)**
**Elementarya (Baitang 1-3) Edisyon**

Pangalan

(Grado Seksyon Numero )

Pampaaralang Paghahanda sa Kalamidad ng Mie

BosaiMie.jp



# Pag-aralan Paano Maproteksyunan ang Sarili
# Pumunta sa lugar na walang “babagsak, matutumba at gagalaw patungo sayo!”

## Ang Postura gaya ng “Pillbug” Paliwanag





**Kapag nagawa mo ng mabuti, humingi ka ng markang “○” mula sa iyong pamilya.**





Proteksyonan ang iyong sarili sa pamamagitan ng posisyon ng isang "pillbug" sa isang lugar na walang mesa o kahit ano na maaaring lulubog. Proteksyonan ang iyong ulo gamit ang ang helmet o isang kaputing pangkalamidad, kung meron.

Sa isang lugar na may mesa, proteksyonan ang iyong sarili sa pamamagitan ng mahigpit na paghawak sa mga paa ng mesa ng iyong mga kamay!



**Manwal Para Sa Paghahanda Sa Sakuna (Worksheet 2)**
**Elementarya (Baitang 1-3) Edisyon**

Pangalan

(Grado　Seksyon　Numero　)


Pampaaralang Paghahanda sa Kalamidad ng Mie　BosaiMie.jp



# Gumawa ng Mapa Para sa Paglilikas

①Isulat ang ruta mula sa inyong paaralan patungo sa inyong tahanan o mapa ng lugar.
②Lagyan ng markang "x" ang mag mapanganib na lugar at isulat ang mga posibleng panganib.
③Lagyan ng markang "○" ang lugar na lilikasan at ilagay ang ruta papunta sa lugar.

Halimbawa




**Kapag nagawa mo ng mabuti, humingi ka ng markang "○" mula sa iyong pamilya.**

※Mapa ng Paglikas sa Oras ng Lindol at Mapa sa Paglikas sa oras ng bagyo ay maaaring magkaiba.

# Pag-aralan kung Paano gamitin ang Disaster Emergency Message Dial (171)

Sa oras ng malakas na lindol, ang linya ng mga telepono ay maging busy, dahil sa ang lahat ay tatawag. Sa kasong ito, gamitin ang Disaster Emergency Message Dial, sabihin mo sa inyong pamilya kung nasaan kayo.

## Paano mag-iwan ng mensahe ( i-rekord)

1 7 1 I-press ang numerong 171

▼

Para Marecord: 1 [1]

▼

Numero ng Telepono (xxx) xxx-xxxx

## Paano Makuha ang Mensahe

1 7 1 I-press ang numerong 171

▼

Para Marinig ito Uli: 2 [2]

▼

Numero ng Telepono (xxx) xxx-xxxx

## Paano Idial ang Disaster Emergency Message Dial

1. I-press ang "1", "7", at "1"
2. Pakinggan ang paliwanag
3. **Sa pag-iwan ng mensahe** i-press ang "1" / **Para makakuha ng mensahe** i-press ang "2"
4. I-enter ang inyong telepono kasama ang area code.

**Isulat ang inyong numero ng telepono**

(　　　　)　　　　-

※ Sundin ang mga bilin na ibibigay sa inyo sa telepono.

Maaari ninyong irekord ang inyong mensahe sa Disaster Emergency Message Dial hanggang 30 segundo bawat tawag. Isipin muna ang mensahe bago tumawag. Pakitandaan na ang serbisyong pang-emergency ay nakakapagtala ng 10 mensahe. Ang mga mesahe lumagpas ay buburahin mula sa pinakauna.

**Pagsanayan** Isulat ang inyong 30 segundong mensahe sa espasyong ibinigay sa ibaba.

[Hal.] Ito po ay si Tsuyoshi. Mabuti naman po ako. Lilikas na po ako ngayon sa public hall. Paki sunduin nyo po ako doon.

Isulat dito

## Maaari ninyong pag-aralan ang pag-gamit ng Disaster Emergency Message Dial!

- Sa tuwing unang araw at ika-labinlimang araw ng buwan ( 24 oras)
- Mula Enero 1 hanggang 3 ( 24 oras)
- Linggo ng Pagpigil ng Kalamidad at Mga Boluntaryo (mula 9:00 ng umaga, Enero 15 hanggang 5:00 ng hapon, Enero 21)
- Linggo ng Pagpipigil ng Kalamidad (mula alas 9:00 ng umaga, Agosto 30 hanggang alas 5:00 ng hapon, Setyembre 5)

Kung kayo ay lilikas mula sa inyong tahanan,
siguraduhing mag-iwan ng mensahe na kayo ay lumikas!

